

**BORADOR (Hindi pa maaaring sipiin pero pwedeng komentaryuhan)**

**ANG ORTOGRAPIYA NG WIKANG PAMBANSA<sup>1</sup>**

**Komisyon sa Wikang Filipino  
Agosto 1, 2007**

0. PANIMULA: Ang ortograpiya ng wikang pambansa ng Pilipinas ay ang kabuuan ng ipinapalagay na pinakamaunlad at pinakatumpak na mga kalakaran kung paano inililipat ng mga Pilipino ang sinasalitang wika sa anyong pasulat. Ang ortograpiyang ito ay tumutukoy sa istandardisadong set ng mga grapema (o pasulat na mga simbolo) at ng mga tuntunin sa paggamit ng mga simbolong ito, kapag sumusulat sa wikang pambansa.<sup>2</sup>

I. MGA GRAPEMA. Ang mga grapema o pasulat na simbolo sa praktikal na ortograpiya ng wikang pambansa ay binubuo ng:

A. Letra (na kung tawagi’y ang alpabeto). Ito ay binubuo ng dalawampu’t walong (28ng) simbolo: Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Ññ NGng Oo Pp Qq Rr Ss Tt Uu Vv Ww Xx Yy Zz.

B. Di-Letra. Ang mga di-letra ay binubuo ng:

1. wala ( ) at gitling (-), na parehong sumisimbolo sa impit na tunog (?).

2. tuldik: wala ( ), pahilis ( ´ ), paiwà ( ` ) at pakupya ( ^ );

3. bantas: tuldok (.), pananong (?), pandamdam (!), kuwit (,), tuldok-kuwit (;), tutuldok (:), at kudlit ( ´ ). Tatalakayin sa hiwalay na papel ang gamit ng mga bantas.

<sup>1</sup>Ang patnubay na ito ay binuo ng Komisyon sa Wikang Filipino pagkatapos ng serye ng mga konsultasyon sa buong bansa noong 2006-07 para rebyuhin ang ortograpiyang Filipino. Maaaring magpadala ng komentaryo, katanungan, papisyon at mungkahi tungkol sa patnubay na ito sa [rnolasco\\_upmin@yahoo.com](mailto:rnolasco_upmin@yahoo.com). Sisikapin ng KWF na ilabas ang pinal na bersyon ng patnubay bago matapos ang 2007. May bahagi ng proyektong ito na pinondohan ng Pambansang Komisyon sa Kultura at Sining (NCCA).

<sup>2</sup>May mga espesyal na simbolong ginagamit sa patnubay na ito: [ ] representasyong ponetiko; “ “ representasyong grapemiko; ( ´ ) diin; (: ) haba; (? ) impit na tunog; ( . ) hati ng pantig, (~) alomorpo o baryant, at (\*) di gramatikal o di katanggap-tanggap.

## II. TAWAG SA MGA LETRA AT PASALITANG PAGBAYBAY.

A. Tawag sa mga letra. May dalawang paraan sa pagtawag ng mga letra:

1. Tawag - abaseda o ponetiko: “a”, “ba”, “se”, “da”, “e”, “fa”, “ga”, “ha”, “i”, “ja”, “ka”, “la”, “ma”, “na”, “nya”, “nga”, “o”, “pa”, “kwa”, “ra”, “sa”, “ta”, “u”, “va”, “wa”, “eksa”, “ya” at “za”.

2. Tawag - Ingles: “ey”, “bi”, “si”, “di”, “i”, “ef”, “ji”, “eych”, “ay”, “jey”, “key”, “el”, “em”, “en”, “enye”, “en ji”, “ow”, “pi”, “kyu”, “ar”, “es”, “ti”, “yu”, “vi”, “dobolyu”, “eks”, “way”, “zi”.

3. Ang pagtawag sa mga di-letra ay alinsunod sa I, (B).

B. Dalawang paraan ng pasalitang pagbaybay.

1. Baybay-abaseda (a-ba-se-da) o ponetiko<sup>3</sup>:

“Rizál” = “malaking ra”- “i”-“za”- “a”-“la”  
“pag-asa” = “pa”-“a”-“ga”-“gitling”-“a”-“sa”-“a”  
“buko” = “ba”-“u”-“ka”-“o”  
“baít” = “ba”-“a”-“i” - “ta”  
“lutò” = “la”-“u”-“ta”- “o”  
“basâ” = “ba”-“a”-“sa”- “a”

2. Baybay-Ingles (ey-bi-si-di):

“Rizál” = “kapital ar”-“ay”-“zi”- “ey”-“el”  
“pag-asa” = “pi”-“ey”-“ji”-“gitling”-“ey”-“es”-“ey”  
“buko” = “bi”-“yu”-“key”-“ow”  
“baít” = “bi”-“ey”-“ay”-“ti”  
“lutò” = “el”-“yu”-“ti”- “ow”  
“basâ” = “bi”-“ey”-“es”- “ey”

3. Ipinapayong ituro muna ang baybay-ponetiko lalo na sa panimulang

<sup>3</sup> Tinalakay din sa mga konsultasyon ang mungkahi na baybayin nang pasalita kahit ang mga tuldik. Halimbawa, ang “baít” ay babaybayin na “bi”-“ey”- pahilis na “ay” – “ti”. Tumanggap ito ng maraming puna, kung kayat minarapat ng KWF na ang pagbabaybay ng mga tuldik ay huwag isama sa mga tuntunin.

pagbasa at pagsulat, at isunod na ituro ang baybay-Ingles.

C. Mga katwiran sa pagtuturo ng dalawang paraan ng pagbabaybay.

1. Ang mga kalakasan ng dalawang pagbabaybay ay ang sumusunod:

a) Pagsasarili. Maipapakita na magkaiba ang wikang sarili at ang wikang Ingles sa pamamagitan ng magkaibang paraan ng pasalitang pagbabaybay.

b) Madaling matutuhan. Kumpara sa tawag-Ingles, ang tawag-abaseda ay higit na malapit sa aktuwal na tunog na kinakatawan ng mga letra. Inaasahang makapagpapadali ito sa pagkakatuto ng mga nagsisimulang bumasa't sumulat sa wikang pambansa.

c) Episyente. Sa ortograpiyang ito ay nababaybay hindi lamang ang katutubong mga salita sa wikang pambansa at sa iba pang mga wika sa Pilipinas kundi pati ang mga hiram na salita buhat sa mga banyagang wika.

d) Tumpak. Ang pagsusulat ng mga letra at di-letra gaya ng mga tuldik at ng gitling ay nagpatingkad sa pangangailangan na maging eksakto at tumpak, lalo pa't ang mga tuldik at gitling ay kumakatawan sa mga makahulugang tunog sa wikang pambansa.

e) Madaling ituro. Kabisado pa rin ng mga guro ang tawag-abakada, kung kaya't inaasahang hindi na mahihirapan ang mga ito kapag bumalik sa pagbabaybay ponetiko. Kapag walang mga tuldik, nahihirapan kapwa ang guro at mag-aaral sa pag-alam kung ano ang tamang bigkas at tamang ibig sabihin ng mga nakasulat na salita.

f) Maililipat sa ibang mga wika. Makatutulong ang ortograpiyang ito para mas madaling maunawaan at matutuhan hindi lamang ang mga lokal na wika kundi pati ang mga wika para sa mas malawak na komunikasyon (i.e. Ingles).

g) Para sa lahat. Ang pagtuturo ng pagbabaybay ay para sa kapakinabangan ng mga nagsisimulang bumasa't sumulat at ng mga hindi katutubong tagapagsalita ng Tagalog. Tandaan na karamihan ng mga Pilipino ay nagsasalita ng wikang pambansa (at ng Ingles) bilang pangalawang wika.

2. Tutol ang iba sa dalawang paraan ng pagbabaybay sapagkat “nakasanayan na raw ng mga tao ang baybay-Ingles.” Kahit totoo ito, dapat tandaan na ang kasanayan sa baybay-Ingles ay nakamtan sa eskuwelahan. Ibig sabihin, maaari ring ituro at makasanayan ang baybay-abaseda.

### III. MGA TUNOG, HABA AT DIIN

#### A. Mga Katinig

1. Ang mga letrang pangkatinig ay: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy at Zz

2. Sa pagbabaybay ng karaniwang katutubong salita sa wikang pambansa, gamitin lamang ang sumusunod na mga letrang pangkatinig: Bb, Dd, Gg, Hh, Kk, Ll, Mm, Nn, NGng, Pp, Rr, Ss, Tt, Ww at Yy. Ang mga letrang ito ay sumisimbolo sa 15 sa 16 na katutubong katinig sa wikang pambansa: [b], [d], [g], [h], [k], [l], [m], [n], [ŋ], [p], [r], [s], [t], [w], at [y]. Ang bawat letra ay representasyon ng isang katinig lamang. Ang panglabing-anim na katutubong katinig—ang impit—ay kinakatawan ng wala ( ), gitling (-), paiwa ( ` ) at pakupya ( ^ ).

3. Sa pagbabaybay ng mga salitang buhat sa iba pang mga katutubong wika sa Pilipinas, panatilihin ang orihinal na anyo ng mga ito batay sa palabaybayan at/o palatunugan ng pinagkunang wika.

4. Sa pagbaybay ng mga hiram na salita buhat sa banyagang wika, may dalawang paraang ginagamit: una, panatilihin ang orihinal nitong anyo batay sa palabaybayan ng pinagkunang wika, at ikalawa, baybayin ito ayon sa katutubong sistemang nakasaad sa III A, 2. Kung aling paraan ang gagamitin ay matutunghayan sa ikalimang bahagi ng patnubay na ito.

5. Ang impit na tunog ay kinakatawan ng mga sumusunod na di-letrang pangkatinig: wala ( ), gitling (-), tuldik na paiwà ( ` ) at pakupya ( ^ ).<sup>4</sup>

<sup>4</sup>Kumplikadong mga simbolo ang mga tuldik. Ang pakupya ( ^ ) ay binubuo ng markang pahilis ( ` ) sa kaliwa, at ng markang paiwa ( ` ) sa kanan. Ang pahilis ay simbolo ng diin sa dulong pantig; ang paiwa, sa impit na tunog sa dulo ng salita. Gayon din, ang paiwa ( ` ) ay may dalawang bahagi. Ang kaliwa ay kakikitaan ng malumay na marka na sinisimbolo ng wala ( ) at ang kanang bahagi nito, ng tuldik na paiwa. Ang wala ( ) ay sumisimbolo sa diin sa penultimang pantig at ang paiwa ( ` ) ay sumisimbolo sa impit na tunog sa dulo ng salita.

a) Ang impit na nasa unahan ng salita at nasa pagitan ng mga patinig ay hindi isinusulat:

“aso” [ʔaː .so]      “kain” [kaː .ʔin]

b) Ang impit na nasa pagitan ng katinig at patinig ay kinakatawan ng gitling:

“pang-araw” [paŋ.ʔaː .raw]

c) Ang impit na nasa dulong pantig ng salitang may diin sa penultima ay kinakatawan ng tuldik na paiwà sa ibabaw ng patinig ng dulong pantig:

“batà” [ˈbaː .taʔ]

d) Ang impit na nasa dulo at may-diing pantig ng salita ay kinakatawan ng tuldik na pakupya sa ibabaw ng patinig ng dulong pantig.

“likô” [li. ˈkoʔ]

Ang impit na tunog sa pinal na pusisyon ng salita ay hindi nabibigkas ng ilang tagapagsalita. Ang dahilan nito ay sapagkat sa unang wika nila ay walang impit na matatagpuan sa naturang pusisyon. Naililipat nila ang ganitong nakagawian sa kanilang pangalawang wika.

“likô” [li. ˈkoʔ] > [li. ˈko]

e) Para sa ilang tagapagsalita, ang impit na nasa dulo ng salita ay napapalitan ng haba, kapag ang salita ay nasundan ng ibang mga salita.

“matandâ” [ma.tan.ˈdaʔ]

pero “matandá na siya” [ma.tan.daː. na. si.yá]

Para naman sa ibang tagapagsalita, nananatili ang impit kahit ang salita ay nasundan ng ibang salita:

“matandâ na siya” [ma.tan. ˈdaʔ. na. si.yá]

## B. Mga patinig:

1. Ang mga patinig sa wikang pambansa ay kinakatawan ng mga letrang: Aa, Ee, Ii, Oo at Uu.

2. Sa pagbigkas ng katutubong salita, hindi makabuluhan ang pagkakaiba ng “i” vs. “e” at ng “o” vs. “u”.

“sakít” = [sa. ' kit] ~ [sa. ' ket]

“kurót” = [ku. ' rot] ~ [ku. ' rut]

“lalake” = [la. ' la: .ki] ~ [la. ' la: .ke]

pero: “kalalakihan” = [ka.la.la. ' ki : .han]

3. Kahit hindi kontrastibo sa bigkas, may nakagawian nang gamit ang “e” at “i”. gayon din ang “o” at “u”. Ginagamit ang “e” at “o” sa dulong pantig ng mga katutubong salita at ang “i” at “o” sa ibang kaligiran.

“babae” pero: “kababaihan” hindi “kababaehan”

“buhos” pero: “buhusan” hindi “buhosan”

4. Nagiging makabuluhan lamang ang letra at tunog na “e” at “o” kapag ikinukumpara ang mga hiram na salita sa mga katutubo o kapwa hiram na salita.

“mesa”: “misa”

“oso” : “uso”

5. Gaya ng mga katinig, maaari ring gamitin ang mga letrang patinig ng wikang Filipino sa pagbabaybay ng mga hiram na salita sa orihinal nilang anyo. Pero ang patinig ng hiram na salita ay maaaring kumatawan sa mahigit na isang tunog.

“table” = [ 'tey .bol]

“ballet” = [ba. 'ley]

## C. Habang at Diin:

1. Ang diin ay kinakatawan ng sumusunod na simbolo: wala ( ) at pahilis ( ´ ).

2. Ang diin sa isang bukas na pantig (i.e. isang pantig na nagtatapos sa patinig) maliban sa ultima ay binibigkas na mahaba (:).

“tao” [ ' ta : .ʔo], mahaba ang may-diing “ta”

pero: “isá” [ʔi. ' sa], walang habà ang may-diing “sa”

“tukóy” [tu. ' koy], walang habà ang may-diing “koy”

3. Ang diin sa penultima ay hindi isinusulat.

“tao” [ ' ta : .ʔo]

“lumà” [ ' lu : .maʔ]

4. Ang diin sa iba pang pantig maliban sa penultima ay minamarkahan ng pahilis ( ´ ) sa ibabaw ng patinig na may diin.

“taním” [ta.'nim]

“tániman” [ta : .'ni : .man]

“pátániman” [pa : .ta : .'ni : .man]

5. Ang katutubong salita na may saradong penultima ay may awtomatikong diin sa dulong pantig.<sup>5</sup>

“bantáy” [ban. ' tay]

6. May awtomatikong diin sa dulong pantig ang katutubong salita na sa pasulat na anyo ay may magkatabing magkaparehong patinig sa penultima at sa dulong pantig.<sup>6</sup>

“biík” [bi.'ʔik]

“suót” [su.'ʔot]

<sup>5</sup>May ilang kataliwasan dito: “pinsan”, “minsan” at “bibingka” na may diin sa saradong penultima. Sa Sebwano, ang mga salitang may saradong penultima ay may awtomatikong diin sa penultima..

<sup>6</sup>Ang naturang salita, sa ponetikong transkripsiyon, ay (a) may impit na tunog sa unahan ng dulong pantig; (b) may bukas na penultimang pantig; at (c) may magkaparehong patinig sa dulo at penultimang pantig. Ang eksepsiyon dito ay ang salitang “oo”.

7. May awtomatikong diin sa dulong pantig ang katutubong salita na may “uw” o “iy” sa pagitan ng penultima at dulong pantig.

“tuwíd” [tu. 'wid]      “tiyák” [ti. 'yak]

Nakakaltas ang “u” at “i” sa mga salitang ito sa aktuwal na pagsasalita:

“tuwíd” [ 'twíd]      “tiyák” [ 'tyák]

#### IV. MGA PANTIG:

##### A. Katutubong pantig

1. Dalawa lamang ang kayarian ng pantig sa katutubong palapantigan: KP (katinig-patinig) at KPK (katinig-patinig-katinig).

2. Walang di-pinal na pantig ng katutubong salita na nagtatapos sa impit na tunog [ʔ]. Ang isang salitang gaya ng: “bâgo” [baʔ.'go] ay hindi pangkaraniwan sa wikang pambansa, sapagkat ang unang pantig nito ay nagtatapos sa impit na tunog.

3. Walang di-pinal na pantig ng katutubong salita na nagtatapos sa tunog na “h”. Ang isang salitang gaya ng: “kahkah” ['kah.kah] ay hindi rin pangkaraniwan, sapagkat ang dalawang pantig nito ay nagtatapos sa “h”.

4. May mga nagsasabi na ang dulong pantig ng isang katutubong salita ay laging nagtatapos sa katinig. Halimbawa, ang salitang gaya ng “sabi” ay nagtatapos raw sa tunog na [h].

a) May ilang ebidensyang sumasalungat sa ganitong pusisyon:

i. Hindi distintibo o hindi naririnig ang [h] na ito kumpara sa mga wikang may [h] sa dulo ng pantig, gaya ng Kakilingan Sambal;

Kakilingan Sambal

“lotò [ 'lo : .toʔ] `luto’

“lotoh [ 'lo : .toh] `pagsabog (ng bulkan)’



ii. Ang salitang gaya ng “sabi” kapag sinundan ng “daw”, ay nagiging [ˈsaː.bi.raw] hindi \*[ˈsaː.bih.raw] o \*[ˈsaː.bih.daw]. Ibig sabihin, walang naririnig na [h] bago ng [r] o [d]; at

iii. Malamang na nagtatapos sa patinig ang “sabi”, sapagkat nagiging “raw” ang “daw”. Ang tuntunin ay ginagamit ang “raw” kapag ang salitang sinundan o nasa unahan nito ay nagtatapos sa patinig.

b) Mayroon din namang ebidensya na nagpapahiwatig na mayroong [h] sa dulo ng “sabi”. Kapag kinabitan ito ng hulaping “-an”, nagiging distintibo at naririnig ang [h].

[ˈsaː.bih] + [-an] > [sa.ˈbiː.han] “sabihan”

c) Alinman sa pagsusuring ito ang gamitin, malinaw na hindi sinusulat ang [h] sa dulo ng isang pantig ng isang katutubong salita.

## B. Hiram at Dayuhang Pantig

1. Dahil sa panghihiram, nadagdagan ang kayarian ng pantig sa wikang pambansa. Bukod sa KP at KPK, ang mga hiram na pantig ay: KKP, KKPK, KKPKK at KPKKK.

“tra-po” [ˈtraː.po] (KKP-KP)

“plan-ta” [ˈplan.ta] (KKPK-KP)

“trans-por-tas-yon” [trans.por.tas.ˈyon] (KKPKK-KPK-KPK-KPK)

“ispórts” [ˈʔis.ports] (KPK-KPKKK)

2. Isang palaisipan sa maraming Pilipino ang tamang pagpapantig sa mga salitang-hiram na may kambal-katinig gaya ng “sobre” (“sob-re” o “so-bre”?); ng “tokwa” (“tok-wa” o “to-kwa”?) at ng “pinya” (“pin-ya” o “pi-nya”?). May dalawang tuntunin na sinusunod kaugnay nito:

a) Ang tamang pagpapantig ay umaayon sa katutubong kayarian na KP at KPK. Ang “sob-ra”, “tok-wa” at “pin-ya” ay sumusunod sa katutubong kayarian na KP at KPK. Mas malayo sa aktuwal na bigkas at mas malapit sa

hiram o dayuhang pantig ang “so-bra”, “to-kwa” at “pi-nya.” Ang totoo’y tama ang huling paraan ng pagpapantig sa pinanghiramang wika.

b) Ang tamang pagpapantig ay umaayon o mas malapit sa aktuwal na bigkas. Ang bigkas ng mga Pilipino sa nasabing mga salita ay mas malapit sa [ 'sob.bre] ~ [ 'sob.<sup>b</sup>re], [ 'tok.kwa] ~ [ 'tok.<sup>k</sup>wa], at [ 'pin.nya] ~ [ 'pin.<sup>n</sup>ya]. Ibig sabihin, sumasama ang huling katinig ng penultima sa bigkas ng dulong pantig. Kung ang tamang pagpapantig ay “sob-re”, “tok-wa” at “pin-ya”, mas madaling ipaliwanag ang pagsasama ng huling katinig ng penultima sa dulong pantig. Mas mahirap ipaliwanag ang ganitong pangyayari kung ang istandard na pagpapantig ay: “so-bre”, “to-kwa” at “pi-nya”, gaya ng sa pinanghiramang wika.

3. Palaisipan din sa maraming Pilipino ang tamang pagbabaybay at pagpapantig ng mga salitang may kambal-patinig sa orihinal na baybay. Ang ilang halimbawa ay: “*provincia*” (“pro-bín-si-yá” o “pro-bin-sya”?), “*infierno*” (“im-pi-yer-no” o “im-pyer-no”?), “*violin*” (“bi-yo-lín” o “byo-lín”?), “*guapo*” (“gu-wa-po” o “gwa-po”?), “*cuénto*” (“ku-wen-to” o “kwen-to”?) at “*acción*” (“ak-si-yón” o “ak-syón”?). Mayroon ding ilang tuntuning sinusunod kaugnay nito.

a) Ang namamayaning pagbabaybay (at pasulat na pagpapantig) ay umaayon sa katutubong kayarian na KP at KPK. Mas malapit ang pagpapantig ng unang anyo (i.e. “pro-bín-si-yá”, “gu-wa-po”, “im-pi-yer-no”, “bi-yo-lín”) sa katutubong kayarian na KP at KPK. Ang ikalawang anyo (i.e. “pro-bin-sya”, gwa-po. “im-pyer-no”, “byo-lín) ay may mga pantig na binubuo ng KKP na itinuturing dito na hiram o dayuhang pantig.

b) Ang namamayaning bigkas (at pasalitang pagpapantig) ay umaayon sa aktuwal na bigkas at kung gayo’y mas malapit sa ikalawang anyo (i.e. “pro-bin-sya”, “gwa-po,” “im-pyer-no”, “byo-lín). Samakatwid, mas malapit sa namamayaning bigkas ang ikalawang anyo, pero mas malapit sa namamayaning baybay ang unang anyo.

c) Iwasan ang tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita. Ang baybay na “probínsiyá”, “impiyerno” at “aksiyón” ay hindi lamang umaayon sa katutubong kayarian ng pantig kundi nakaiilag din sa tatlong magkasunod na katinig (i.e. “aksyón”). Totoo lamang ang tuntuning ito

(\*KKK) sa mga hiram na salita na may orihinal na kambal-patinig pero hindi sa iba pang mga kaso (i.e. “eksklusibo”).

d) Piliin ang anyo na maaaring paghanguan ng iba pang anyo. Halimbawa: maaaring sabihin na sa anyong “ku-wen-to” nagmula ang “kwen-to”. Nakuha ang maikling anyo nang kaltasin ang “u”.<sup>7</sup>

## V. PANGHIHIRAM

### A. Tuntunin sa panghihiram:

1. Huwag manghiram. Ihanap ng katumbas sa wikang pambansa ang konsepto.

“rule” = “tuntunin” hindi “rul”

2. Huwag pa ring manghiram. Ihanap ng katumbas sa mga lokal na wika ang konsepto.

“tarsier” = “máomag”, “málmag” (Bol-anon)

“whale shark” = “butandíng” (Bikol)

3. Kapag walang eksaktong katumbas, hiramín ang salita batay sa sumusunod na kalakaran. Kung wikang Espanyol ang pinanghiraan, baybayin ang salita ayon sa katutubong sistema. Kung wikang Ingles at iba pang wikang dayuhan, panatilihin ang orihinal na anyo.

Eng “psychology” = “psychology” hindi “saykoloji”

Sp “psicología” = “sikolohiya”

Ang katwiran dito ay ang kawalan ng kakumpetensiyang anyo ng baybay-Espanyol.

---

<sup>7</sup>Sa “kuwento” ay mahahango ang tatlo pang deribasyon: “nagkúkuwento” (inuulit ang “ku”); “nagkwékuento” (pagkatapos kaltasin ang “u”, inuulit ang “kwe-”) at “nagkékuento” (pagkatapos kaltasin ang “u”, inuulit ang unang katinig at unang patinig). Kung ang pangunahing anyo ay “kwento”, mahahango lamang ang huling dalawang anyo ng reduplikasyon. Mahalagang banggitin din dito na ang biswal na ispeling ng “nagkwékuento” ay hindi nagkakaloob ng palatandaan para sa bumabasa kung paano ang tamang pagpapantig (nag-kwé-kwen-to o nag-kwék-wen-to). Walang ganitong problema sa “nagkuwento” at “nagkukuwento.”

4. Sumunod sa opisyal na pagtutumbas. Sa pana-panahon ay naglalabas ang KWF, kasabay ng ibang ahensya ng pamahalaan, ng mga opisyal na pagtutumbas sa mga termino sa likas na agham, agham na panlipunan, sining at panitikan. Mangyaring sumunod sa mga opisyal na pagtutumbas o salin buhat sa mga ahensyang ito.

“Repúbliká ng Pilipinas” hindi “Repúbliká ng Filipinas”  
“aghám panlipunan” hindi “sosyal-sayans”

#### B. Pagbabaybay ng Hiram na Salita

1. Ang lahat ng salitang pantangi, panteknikal at pang-agham ay maaaring panatilihin ang orihinal na baybay.

“Manuel Luis Quezon”      “Ilocos Norte”  
“chlorophyll”              “sodium chloride”

2. Ang lahat ng hiram na salita buhat sa Espanyol, maliban sa mga salitang pantangi, ay maaaring baybayin alinsunod sa katutubong sistema.

“cebollas” > “sibuyas”              “socorro” > “saklolo”  
“componer” > “kumpuní”              “pero” > “pero”

3. Ang lahat ng salitang galing sa ibang katutubong wika sa Pilipinas ay maaaring panatilihin ang orihinal na baybay.

“vakul”                      “hadji”  
“ifun”                      “cañao”

4. Ang lahat ng hiram na salita buhat sa Ingles ay maaaring panatilihin ang orihinal na baybay, maliban kung taliwas sa nakasaad sa (5).

“daddy”                      “boyfriend”  
“sir”                          “joke”

5. Ang lahat ng hiram na salita na naiba na ang kahulugan sa orihinal ay maaari nang baybayin alinsunod sa katutubong sistema.

“stand by” = “istambay”      “up here” = “apír”

“hole in” = “holen”      “caltex” = “kaltek” (tabò)

6. Gamitin ang baybay ng salitang hiram na matagal na o lagi nang ginagamit.

“teléponó” hindi “teléfonó”  
“pamilya” hindi “familiá” o “familya”  
“epektibo” hindi “efektibo” o “efektivo”

7. Kailangang tandaan na ang bawat tunog sa bawat wika ay may kanyang partikularidad alinsunod sa sistemang pamponolohiya nito. Kahit magkakahawig ang bigkas (at letra) ng mga salita sa nanghihiram at sa orihinal na wika ay hindi pa rin masasabing magkakatumbas ang mga tunog ng mga ito. Halimbawa, may ilang nagmumungkahi na gamitin ang mga salitang “deskriptiv” at “narativ” (sa halip ng nakagawiang “paglalarawan” at “pasalaysay”). Ayon sa mga ito, ang “v” ay katutubong tunog daw sa mga wika sa Pilipinas kung kaya’t maaari na raw gamitin ito sa karaniwang mga salita. Ang baybay daw sa “deskriptiv” at “narativ” ay bahagi raw ng leksikal na elaborasyon ng Filipino at bahagi ng intelektwalisasyon. Hindi ito tamang katwiran, sa sumusunod na kadahilanan:

a) Ang “v” sa mga wika sa Pilipinas ay iba sa “v” ng Ingles. Panlabi ang artikulasyon ng “v” sa Pilipino; “labiodental” naman ang sa Ingles. Bukod dito, natatagpuan lamang ang “v” na Pilipino sa pagitan ng dalawang patinig; hindi ito nakikita sa dulo ng isang karaniwang salita at pantig.

b) Ang ispeling na “narativ” at “deskriptiv” ay nakikipagkumpetensya sa “narrative” at “descriptive” ng Ingles, at mababansagang maling ispeling.

c) Sa lumang tuntunin sa panghihiram, maaaring hiram ang salita sa orihinal na anyo. Hindi na kailangang “isakatutubo” ang ispeling ng salita.

d) Ang intelektwalisasyon at modernisasyon ng wikang pambansa ay hindi lamang nakasandig sa pagkakaroon ng mga terminong magagamit sa diskursong pangkapantasan. Mas importante pa rito ay ang kahandaan ng mga Pilipinong gamitin ang sarili nilang wika upang lumikha at magpalitan ng bago, orihinal at makabuluhang mga kaalaman.

## B. Pagbigkas sa mga Hiram na Salita na nasa Orihinal na Baybay

1. Sa pagpapanatili ng hiram na salita sa orihinal na anyo, ang mga letra, ma-katinig o ma-patinig, ay maaaring kumatawan sa mahigit sa isang tunog, gaya ng ipinakikita ng sumusunod na halimbawa:

a) Ang “c” ay maaaring kumatawan sa tunog na [k], [s] o [č];

Spanish “casa” = [ˈka.sa]      English “ice” = [ˈʔays]

Italian “cello” = [ˈče.low]

b) Ang “j” ay maaaring kumatawan sa tunog na [j] o [h];

English “jack” [ˈjak]

Spanish “jai alai” [ˈhaja.ˈláj]

c) Ang “x” ay maaaring kumatawan sa tunog na [s] o [ks];

English “extra” [ˈʔeks.tra]

English “xylophone” = [ˈsay.lo.fown]

2. Kahit pinanatili sa orihinal na anyo, ang mga salitang dayuhan ay binibigkas pa rin ng maraming Pilipino sa katutubong paraan gaya ng sumusunod:

a) Ang [f] ay binibigkas na parang [p];

“father” [ˈfa.ðər] > [ˈpa: .der]

b) Ang [v] ay binibigkas na parang [b];

“visa” [ˈvi.sa] > [ˈbi.sa]

c) Ang [z] ay binibigkas na parang [s];

“zoo” [zu:] > [su]

d) Ang [æ] ay nagiging simpleng [a];

“map” [mæp] > [map]

e) Ang [ow] ay nagiging [o];

“goal” [gowl] > [gol]

f) Ang [i:] ay nagiging [i];

“brief” [bri:f] > [brip]

g) Ang [u:] ay nagiging [u];

“shoot” [šu:t] > [šut]

VI. PANGWAKAS. Ang ortograpiyang ito ay ginawa alinsunod sa prinsipyo ng makabagong lingguwistika. Subalit ginawa rin ito upang tugunan ang praktikal na pangangailangan ng mga gumagamit ng wikang pambansa —mga nagsisimulang bumasa’t sumulat, at mga bihasa nang sumusulat at nagbabasa sa wikang pambansa; mga Pilipinong ang unang wika ay Tagalog, at ang mas maraming Pilipino na ang unang wika ay di-Tagalog; mga dayuhang gustong matuto ng Filipino bilang wikang dayuhan, at ang mga Pilipinong gustong gawing tulay ang kanilang wikang sarili upang matuto ng wikang dayuhan. Hindi sapat na maging siyentipiko ang isang ortograpiya. Kailangan din itong matanggap ng publiko. Sa puntong ito, kailangang linawin na walang ganap na bagong kalakaran at kumbensyon sa patnubay na ito. Ang marami rito ay dati nang mga kaalaman at tuntunin na naipahayag, naimungkahi o naiharap na sa nakaraan, subalit sa di malamang dahilan ay naiwaksi at nakalimutan. Sa ganang amin, ang muling pagpapahayag ng mga subok na at nakagawian nang tuntunin ay hindi masama kundi mabuting bagay.

#### MGA REPERENSYA:

Ahmad, Zaharani. 2005. *The Phonology-Morphology Interface in Malay: an Optimality Theoretic Account*. Canberra: Pacific Linguistics, Research School of Pacific and Asian Studies, The Australian National University.

Alcantara, Teresita. 1999. *Mga Hispanismo sa Filipino: Batay sa Komunikasyong Pangmadla ng Filipinas: Pag-aaral Linggwistiko*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.

Constantino, Ernesto A. 1996. *Ang Ortografti ng Wikang Filipino*. [Lungsod Quezon]: CSSP Publications at Departamento ng Linggwistiks, Kolehyo ng Sosyal Sayans at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Cubar, Nelly I. And Ernesto H. Cubar. 1994. *Writing Filipino Grammar: Traditions and Trends*. Quezon City: 1994.

Decker, Ken. 2007. "Orthography Development for Belize Creole." Nasa [http://www.kriol.org.bz/LanguagePages/Language\\_Ortography.htm](http://www.kriol.org.bz/LanguagePages/Language_Ortography.htm).

English, Leo James. 1986. *Tagalog-English Dictionary*. Quezon City: Kalayaan Press.

Gippert, Jost, Nickolaus P. Himmelman and Ulrike Mosel, eds. *Essentials of Language Documentation*. Berlin/New York: Mouton de Gruyter.

Gralow, Frances. 1981. "Some Sociolinguistic Considerations in Orthography Design." *Nasa Notes on Literacy*, 33: 8-19. Dallas, Texas: Summer Institute of Linguistics.

[Komite sa Wika at Salin, National Commission for Culture and the Arts]. 2006. *Ulat Hinggil sa mga Forum sa Ispeling*. Naka-mimeograph.

Komisyon sa Wikang Filipino. 1998. *Diskyunaryo ng Wikang Filipino*. Quezon City: Merylvin Publishing House.

Komisyon sa Wikang Filipino. 2000. *Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino; Ang Wikang Filipino; at Ilang Talang Pangkasaysayan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Komisyon sa Wikang Filipino. 2001. *2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.



McFarland, Curtis. 1989. *A Frequency Count of Filipino*. Manila: Linguistic Society of the Philippines.

McFarland, Curtis. 1998. "English Enrichment of Filipino." *Nasa Philippine Journal of Linguistics*, 29: 1 and 2. Manila: Linguistic Society of the Philippines.

McKaughan, Howard P. 1977. "Notes on Phonemics, Orthography and the National Language." Nasa Bonifacio P. Sibayan and Andrew B. Gonzales, FSC, eds. *Language Planning and the Building of a National Language: Essays in Honor of Santiago A. Fonacier on his Ninety-Second Birthday*, 88-98. Manila: Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center, Philippine Normal College.

Panganiban, Jose V. 1972. *Diksyunaryo Tesaurus Pilipino-Ingles*. Lungsod Quezon: Manlapaz Publishing Co.

Santiago, Alfonso O. and Norma G. Tiangco. 2003. *Makabagong Balarilang Filipino*. Lungsod Quezon: Rex Bookstore.

Santos, Vito C. 1978. *Pilipino-English Dictionary*. Caloocan City: Philippine Graphic Arts, Inc.

Schachter, Paul and Fe Otones. 1972. *Tagalog Reference Grammar*. Berkeley/Los Angeles/London: University of California Press.

Seifart, Frank. 2006. "Orthography Development." Nasa Jost Gippert, Nickolaus P. Himmelman and Ulrike Mosel, eds. *Essentials of Language Documentation*, 275-299. Berlin/New York: Mouton de Gruyter.

Schieffelin, Bambi B. and Rachele Charlier Doucet. 1998. "The "Real" Haitian Creole: Ideology, Metalinguistics and Orthographic Choice." Nasa Bambi B. Schieffelin, Kathryn A. Woolard and Paul V. Kroskrity, eds., *Language Ideologies: Practice and Theory*, 285-316. New York/Oxford: Oxford University Press.

Schieffelin, Bambi B., Kathryn A. Woolard and Paul V. Kroskrity, eds., 1998. *Language Ideologies: Practice and Theory*. New York/Oxford: Oxford University Press.

Sibayan, Bonifacio P. and Andrew B. Gonzales, FSC, eds. *Language Planning and the Building of a National Language: Essays in Honor of Santiago A. Fonacier on his Ninety-Second Birthday*. Manila: Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center, Philippine Normal College.

Surian ng Wikang Pambansa. 1940. *Balarila ng Wikang Pambansa*. Manila: Bureau of Printing.

Surian ng Wikang Pambansa. 1977. *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Pilipino/Patnubay sa Pagwawasto ng mga Aklat Babasahin*. Manila: Government Printing Office.

Surian ng Wikang Pambansa. [1985]. *Simposyum sa Repormang Ortograpiko*.

Tent, Jan and Paul Geraghty, eds. 2004. *Borrowing: A Pacific Perspective*. Canberra: Pacific Linguistics Research School of Pacific and Asian Studies, Australian National University.

Yamashita, Michiko. 1992. "Kakilingan Sambal Texts with Grammatical Analysis". Nasa Ernesto Constantino, et. al, eds. *The Archive*, 8, 149 pp. Quezon City: Cecilio Lopez Archives of the Philippines and the Philippine Linguistics Circle.